

OPISYAL NA PAHAYAG

Enero 13, 2021

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Binalaan ng Lungsod ang Publiko na Mag-ingat sa Mga Scam sa Pagbabakuna ng COVID-19

Long Beach, CA - Pinayuhan ang mga residente na mag-ingat sa mga panloloko sa pagbabakuna ng COVID-19 na nagaganap sa buong rehiyon at hinihikayat ang mga indibidwal na mag-ulat ng kahina-hinalang aktibidad. Sa panahon ng coronavirus pandemya, ang mga manloloko ay gumagamit ng mga robocall, mga post sa social media at mga email upang samantalahin ang takot, pagkabalisa at pagkalito tungkol sa virus. Bilang pag-iingat na hakbang, dapat pangalagaan ng mga indibidwal ang kanilang personal na impormasyon at mag hinala sa mga mabilis na pagkakataon sa pagkuha ng pag-access sa mga bakuna.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Kagawaran ng Kalusugan) ay namamahala sa proseso ng pamamahagi ng bakuna sa Long Beach. Ang [paglalaan ng bakuna](#) ay ipinamamahagi ayon sa workforce ng bawat hurisdiksyon ng kalusugan at ang mga bakuna ay binibigay sa mga indibidwal sa pamamagitan ng dalawang yugto na may mga sub-phase at may baitang na sub-prioritization. Ang malawak na pamamahagi ng bakuna ng COVID-19 sa pangkalahatang publiko ay may ilang mga buwan at ibibigay sa mga residente ng Long Beach nang walang gastos, anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Pinaalalahanan ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Pulisya ang mga residente sa mga sumusunod:

- Ang mga empleyado ng Lungsod ay hindi aktibong nakikipag-ugnayan sa mga residente na humihiling ng personal na pagkilala o impormasyon sa seguro. Huwag ibigay ang iyong personal na impormasyon sa hindi kilalang pinagmulan.

- Kung mayroong nagsusumubok na bentahan ka ng isang pagkakataon upang lumaktaw sa linya o makakuha ng maagang pag-access sa isang bakuna bago ang iyong oras, ito ay isang panloloko.
- Kung may magsabi na maaari ka nilang bigyan ng isang espesyal na alok sa mababang gastos o makakuha ka ng bakuna ng “under the table”, ito ay isang panloloko.
- Kung ang isang tao sa kalye, online, sa social media o kumatok sa iyong pintuan ay sumubok na bentahan ka ng isang bakuna, tanggihan ang kanilang alok.
- Kung nakipag-ugnay ka sa Kagawaran ng Kalusugan upang humiling ng isang pagbabakuna at ang mga appointment ay puno na, maaari ka nilang ilagay sa isang waitlist ngunit hindi ka nila hihilingin na magbayad.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga karaniwang mga panloloko at pandaraya sa COVID-19, bisitahin ang [pahina ng COVID-19](#) ng Kagawaran ng Kalusugan ng Long Beach at ang [website](#) ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County. Upang mag-ulat ng isang posibleng panloloko sa COVID-19, bisitahin ang [website](#) ng Kagawaran ng Consumer and Business Affairs ng Los Angeles County o tawagan ang 800.593.8222.

Ang mga indibidwal ay maaaring mag-ulat ng mapanlinlang o kahina-hinalang mga pahayag na ginagawa tungkol sa mga bakuna, pagsusuri, o produkto sa paggamot sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Federal Trade Commission (FTC) [online](#).

Kung naniniwala kang mayroong isang maling kumakatawan sa kanilang sarili bilang empleyado ng Lungsod ng Long Beach, tawagan ang Sentro ng Emerhensiyang Komunikasyon sa 9-1-1 o 562.435.6711.

Mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov.

###